# Tambuli

ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG PAMAYANANG PILIPINO SA OXFORD (FILCOMOXFORD)

Tomo 3 Blg. 2 Summer-Autumn 2006



Iginawad kay Archie Mirasol ang MVP ng Sporst Fest 2006 (kaliwa). Ang mga kampeon ng basketball sa taong ito, ang Bicester Hunks (kanan). Mga larawan mula sa www.filcomoxford.org.uk.



*Idinaos ng Filipino Community of Oxford (**FilCom Oxford**) ang ikatlo nitong Sports Fest noong nakaraang Agosto sa Oxford Brookes University Sports Centre. Ngayong taon, tanging basketball lamang ang tampok sa nasabing palaro ngunit dinaluhan ito ng walong koponan. Tinangay ng **Bicester Hunks** sa pamumuno ni Aster Estavillo ang kampeonato sa ikatlong linggo ng paglalaro mula sa mga kamay ng **Oxford Blue** na nasa ilalim naman ng kanilang kapitang si Eric Concepcion. Itinanghal namang Most Valuable Player para sa taong ito si Archie Mirasol (Bicester Hunks).*

# 2006 FILCOMOXFORD SPORTS FEST



## Ikatlong hirit!

Kabilang pa sa mga parangal ng gabi ay ang *Ikatlong Puwesto* na napanalunan ng *Witney United* sa ilalim ng kapitan nitong si John Mark Baldenor; ang *Most Disciplined Team* na napunta sa *Radcliffe Infirmary* sa pamumuno ni Roel Lorca; at ang *Best in Uniform* na *Oxford Countax* sa pamumuno ni Allan Buisan.

Maliban sa mga nabanggit na koponan, lumahok din sa patimpalak ang *Banbury* sa pamumuno ni Leo Lopez, *Jesus Enthroned Church* sa liderato ni Raymond Valerio at ang *Oxford Noypi* sa ilalim naman ni Jerry Cabauatan.

Sa kanyang mensahe para sa komunidad, sinabi ni Chairman Ariel Lanada na ang nasabing palaro ay isang paraan upang mapalaganap ang pagkakaisa at mabuting pakikisama sa pagitan ng mga Pilipino sa Oxford sa paraang kagigiliwan ng lahat. Sinabi pa niya na patuloy na susuportahan ng samahan ang mga palarong gaya nito.

Samantala, ang pag-oorganisa ng nasabing Sports Fest ay pinamunuan ng Sports Committee sa ilalim ni Leonardo Gauregui. Ginanap ito sa loob ng tatlong linggo (Sabado-Linggo) sa Northway Sports Centre at sa OBU Sports Complex. Para sa iba pang mga larawan ng nasabing palaro, pumunta lamang sa ating website www.filcomoxford.org.uk. Maraming maraming salamat sa mga sponsors at sa mga nagsidalo at nagsipaglaro! Hanggang sa muli!!!



Ang maaksiyong simula ng Championship Game sa pagitan ng Bicester Hunks at Oxford Blue (gitna). Ang 2nd Placer ng Sports Fest 2006 na Oxford Blue kasama ng ilan sa mga opisyal ng ExeCom na sina Lizel Truman, Noel Clarete at si Sports Committee Chair Leonardo Gauregui (kaliwa). Sa kanan, ang 3rd Placer ng taon, ang Witney United kasama ni Chairman Ariel Lanada.



# COMING ACTIVITIES 2006

## October

- **28** Living Rosary (5:30 p.m. St. Anthony de Padua Parish Church)

## December

* Advent Recollection
* Caroling
* Community Christmas Party
* Christmas Day Mass

***Block Rosary** still continues. Please get in touch with Joseph or any of the FilComOxford Executive Committee members for more information.*

*Details of the other activities would be announced in posters and in our website www.filcomoxford.org.uk so watch closely!*

## Ngayong Isyu...

* August Sports Fest........1
* Mula sa Patnugot.........2
* Thoughts of the Heart...2
* Philippine Independence Day 2006.................3-4
* Balik-Tanaw.............5-6
*Jeep.............................7
*Buhay-Buhay................8

Ang Tambuli (Horn) ay ang opisyal na pahayagan/magasin ng Filipino Community of Oxford (FilComOxford) at may layuning magpahatid ng mga balita at pananaw sa mga isyung may kinalaman sa buhay-Pinoy dito sa Oxford. Ito'y inilalathala dalawang beses sa isang taon.
Para sa mga mungkahi, ilham at kontribusyon, sumulat lamang sa Patnugot (precimc@yahoo.com).
Patnugot: Precy M. Cayabyab. Lay-out: Sinag-Tala.
Pagpapalimbag: FilCom Oxford.
Mga larawan : Don at Gigi Yebra.
Your suggestions, letters and contributions are always welcome.

# Mula sa Patnugot



## Bagong Mukha

Magandang araw sa inyong muli! Nais naming ihandog sa inyo ang isa na namang isyu ng ***Tambuli*** para sa taong 2006. Gaya ng nakaugalian, nilalaman nito ang mga mahahalagang proyektong inilunsad ng inyong Komiteng Tagapagpaganap (ExeCom) para sa FilComOxford pati na ang ilan sa eksenang hango sa pang-araw-araw na pamumuhay nating mga Pilipino rito.

Bago na rin ang pormat ng inyong ***Tambuli***. Imbes na isang pahayagan, ito ay ginawa naming magasin kung saan karamihan sa mga artikulo nito ay lathalain at mga larawan (*by popular demand*). Mayroon pa rin itong balita tungkol sa mga proyekto sa hinaharap at mga anunsiyong aabot sa paglabas ng bawat isyu. Naririto pa rin ang inyong nakasanayang *Thoughts of the Heart* ni Bishop Soc (salamat po!), ilang pananalita mula sa inyong lingkod at ang *Ripples* ni Sr. Clare Jo (opo, mula pa sa Pinas!).

Kasama ng pagbabagong anyo ng ***Tambuli*** ang pagbabago ng kanyang lay-out. Makikita ang mga pangunahing lathalain sa unang apat na pahina. Susundan ito ng *Balik-Tanaw* (Photo Story), *Panitikan* (Literary Corner) at *Buhay-Buhay* (Photo Story Extended). Siyempre pa, nananatiling bukas ang ***Tambuli*** sa lahat ng ibig magbigay ng kanilang sulatin, anunsiyo o larawan. Sabi nga sa Inggles, *the more, the merrier*.

Sana magustuhan ninyo ang bagong Tambuli. Happy reading!

# Thoughts of the Heart

Bishop Soc

## PART OF LIFE

*Luke 17:26-37*

We are men and women of schedules. We have schedules to follow and appointments to fulfill. Some shcedules are tighter than others. Some are quite loose and open. We wake up, brush our teeth, drink coffee, read the newspapers and continue to do these everyday. There's nothing wrong with schedules. In fact, without them our lives would be topsy-turvy. But there is something wrong when we allow our schedules to run our lives. There is something wrong if we allow the routine of everyday to become the supreme law of our lives. It is no longer right when schedules rule our lives in such a way that we do not have time to enjoy each other anymore. We are enslaved by our schedules when we lose our freedom to choose. We become less human. We become like horses. All we need is a tap in the back and off we go.




You might say this is a part of life. I would answer back, "Precisely! But this is **only** a part of life, not its totality!" The will of God for us is not to be enslaved by our schedules of building, eating, drinking, buying, selling and planting.

Life is more than just schedules. Life is more than duties to fulfill. While God is a god of order, He is also that of rest. Let us not forget that the will of God for us is not fullness of schedules but fullness of life. Sometimes, the demands of urban living make us forget the most important things. At the sunset of life, it is not our tight schedules that would matter but how much love we have put into our schedules. That is what God would look for.




# Lathalain

**Makulay, masaya at makasaysayan - ilan lamang sa mga katagang makapaglalarawan ng nagdaan nating pagdiriwang ng ika-108 Anibersayro ng Araw ng Kalayaan. Ginanap sa Tingewick Hall noong ika-11 ng Hunyo, ito'y dinaluhan ng daan nating mga kababayan kasama na ang panauhing pandangal ngayong taon, si Associate Chief Nurse John Campbell.**

## Araw ng Kalayaan 2006

Ang nasabing okasyon ay batay sa temang "Kabataan: Pag-asa ng Bayan" at naging isang alay sa lahat ng mga kabataang Pinoy sa UK hindi lamang sa Oxford. Sinimulan ito ng parada ng mga sasakyan sa umaga, pa-ikot ng lungsod ng Oxford na pinangunahan ni G. Don Yebra. Ang mga sasakyan ay ginayakan ng banner ng FilComOxford at mga lobong pula at bughaw.



Isang makulay na sagala ng mga bata (at hindi na mga bata) ang ginanap naman bago mag-tanghali sa Headington bilang pag-alaala ng masaya at makinang na Flores de Mayo sa atin. Nagsimula ang parada malapit sa Headington Car Park sa may Somerfield pababa ng Old High Street patungong London Road. Mula naman sa kanto ay kumanan ang mga naggagandahang sagala papuntang Osler Road at ng John Radcliffe Hospital. Hindi mahirap isipin na talagang makatawag-pansin ang nasabing parada.



Tangahalian na. Ano pa ba ang bubulaga sa mga panauhin kung hindi ang masarap na lutuing Pilipinong nakahain sa labas ng Bulwagang Tingewick? Ang mga Pilipinong naroroon ay nagsipagdala ng kani-kanilang mga natatanging lutuin at lahat ay nag-salu-salo sa masarap na pagkaing Pilipino. Tradisyon sa atin ang maghanda ng marami kaya't pihadong busug na busog ang mga bisita.

Alas dos ng hapon at bago nagsimula ang programa, isang misa ang ginanap sa bulwagan sa pamumuno ng mga kura paroko ng mga parokya ng Headington (sina Fr. John Baggley, Fr. The Quang at ang kanilang mga kasamang pari). Ito ay bilang pasasalamat ng kominudad sa patuloy na pamamatnubay ng ating Poong Maykapal.

Sa sumunod na programa, pinuri naman ng ating panauhing pandangal na si G. John Campbell ang mga Pilipinong nurses na nagtatrabaho sa ORH. Ayon sa kanya, walang duda ang ating naging kontribusyon at commitment sa ospital at sa Oxford sa pangkalahatan. Matapos ng kanyang talumpati ay nagpamalas naman ang iba't ibang grupo ng ating mga kababayan (opo, kasama pati ang mga bata!) ng kani-kanilang natatanging talino sa pag-awit, pag-sayaw at pag-tula. Para ngang X-Factor, kamo!











Narito ang ilan sa mga makukulay na larawang ipinadala ninyo sa *Tambuli* (maraming salamat po!).














Ikatlong pagdiriwang na natin ito ng ating Araw ng Kalayaan at tila walang kapaguran ang ating mga punong-abala sa pagpaplano at pag-aasikaso ng mga susunod pang pagdiriwang. Kudos sa ating EXECOM at sa lahat ng tumulong upang maging matagumpay ang katatapos na okasyon! Maraming salamat din sa mga nagsidalo at sana'y nasiyahan kayo. Ano, sa susunod uli?

# Activities in the Last Six Months






**Balik-Tanaw**

Ikalawang Pangkalahatang Pagpupulong, 11 Marso 2006 sa Tingewick Hall. Dumayo rito ang mga taga-Embahada ng Pilipinas upang magproseso ng mga aplikasyon para sa bagong bisa, pagkakaloob muli ng Philippine citizenship, atbp (kanan). Abala naman ang ilang mga opisyal ng FilComOxford sa





Via Crucis, 14 Abril 2006 sa Headington. Taunang tradisyon na po natin ito bilang







Noong 9 Abril 2006, nakipagkita naman ang mga opisyal ng ating samahan sa Kinatawan ng Pilipinas para sa Gran Britanya sa



Community outing sa Alton Towers, 15 Hulyo





Dragon Boat Race sa Abingdon kung saan nanood ang ating mga kasama noong 14

Beale Park, Pangbourne, 29 Hulyo 2006.



# Balik-Tanaw



Pagbisita ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa mga Pilipino sa UK noong 13 Setyembre 2006 sa Sheraton Park Lane Hotel Ballroom sa Picadilly, London. Naroon po ang












Pagdiriwang ng kaarawan ng Ating Mahal na Ina at ng anibersaryo ng Block Rosary noong 8 Setyembre sa Corpus Christi Parish Church. Nagkaroon ng Rosary Cantada at High Mass sa pagdiriwang na ito na sinundan naman ng Fellowship at hapunan sa Parish Hall.

*Sa mga nakibahagi at tumulong sa pag-oorganisa,*

# Panitikan

*Haay, salamat naman at uwian na. Kanina pa ako inip na inip umuwi. Paalis na sana ako nang biglang nag-text 'yung pinsan ko. Hihintayin n'ya daw ako sa baba ng building para sabay na kaming umuwi. Kaya hayun, nagsinungaling na naman akong kunwari ay may gagawin pa ako para lang maiwasan s'ya. Ewan ko ba, bakit ayokong may kasabay samantalang 'yung iba ay naghihintay o 'di kaya ay may susunduin pa para lang may makasabay sa pag-uwi. Hindi naman ako loner. Basta lang gusto ko mag-isa akong umuuwi. Gusto ko mag-isa lang ako sa b'yahe. Gusto ko wala akong kakilalang kasakay sa jeep. Ano nga ba'ng meron sa jeep? Ano nga ba'ng nangyayari sa biyahe ko pag umuuwi ako? Marami. Iba-ibang klaseng tao. Iba-ibang klaseng komedya.*




**Case # 1: "Aray, ano ba?"**
Madalas na dialogue ng mga babaeng feeling commercial model ng shampoo kung ipatangay sa hangin ang buhok. Mga walang pakialam kahit na ang mga katabi nila ay hirap na hirap na sa pag-iwas sa paghampas nito sa mukha nila. Kaya ako kapag 'di na ako makapagpigil, hinihila ko na yung buhok, sabay sorry kunwari akala ko buhok ko yun. At kapag sinusumpong ako, kinakalabit ko na at sinasabihan kong hindi ako kumakain ng buhok.

**Case # 2: "Blah, blah, blah.."**
Mga taong feeling sila lang ang sakay na kung mag-usap ay dinig ng lahat ng pasahero. Nakakaaliw sila minsan lalo na't mahaba ang byahe at walang radio yung jeep. Pampalipas oras din sila. Minsan nga gusto ko nang sumabat dun sa kwentuhan nila lalo na kapag nakaka-relate ako. Pero kapag inaantok ako at 'di na makapagpigil, tinitingnan ko sila na parang gusto kong dukutin ang lalamunan nila.

**Case # 3: "Pakiabot lang po..."**
Kapag napaupo ka nang medyo malapit-lapit sa driver, asahan mong magiging taga-abot ka ng bayad. Ok lang sana yun eh, h`wag ka lang makaka-tyempo ng driver na may pagka-manyakis na nanadyang manghaplos ng kamay. O kaya naman ng driver na parang 'di pa 'ata nakakaalam na uso na ang deodorant. O kaya naman ng driver na mas malakas pang bumuga sa tambutso n`ya ang bunganga. Syempre, wala naman akong magawa kundi ang magtakip na lang ng ilong at umurong agad kapag medyo lumuwang. At meron namang mga pasaherong sobrang bait na hindi ka pa nakakapagsalita ay kinukuha na sa kamay mo ang bayad mo. Meron din syempreng matatapang na kapag hindi mo nakuha agad yung bayad nila ay medyo itataas ang boses at may kasama pang ismid. Hay naku, puwede ba? Wala akong kumisyon sa pag-abot ng bayad n`yo ha!

**Case # 4: "Makikiusog nga..."**
Ito ay para sa mga kung umupo ay akala mo pang-dalawang tao ang binayaran. May mga babaeng kung umupo ay nakalihis, walang pakialam kung 'yung katabi n`ya kalahating puwet na lang ang nakaupo. Meron ding mga lalaking kung makaupo ay halos mangingimi kang tumingin sa kanila dahil sa laki ng pagkakabukaka. Animo'y may kung anong pinoprotektahan sa pagitan ng kanilang mga hita. Kapag ipit na ipit na ako, sinasabayan ko ang pag-preno ng mama sa pag-usog. Pasensyahan na lang kung mapalakas.

**Case # 5: "Ooozzz."**
Wala namang masama kung matulog ka habang nasa biyahe, pero sana lang walang dantayan at basagan ng bao o di kaya ay tuluan ng panis na laway. Kapag may katabi akong natutulog na, hinahayaan ko lang (syempre, alangan namang pigilan ko) at kapag babagsak na ang ulo nya sa 'kin, bigla kong ibinababa ang balikat ko para magulantang s`ya. Pero kapag cute, ibang nang makatulog s`ya nang maayos. OK lang na magka-untugan kami, malay mo magpakilala pa s`ya (asa pa!).

**Case # 6: "Mama, para ho..."**
May mga driver na 'di mo mapipigilang mapamura sa sobrang tagal bago huminto. Halos kailanganin mo nang sumakay pabalik sa layo ng pinagbabaan sa 'yo. Meron namang hihinto kahit na sa gitna ng kalsada mabawasan lang agad ang sakay n`ya. At meron ding halos mahalikan mo na 'yung katabi o kung minalas-malas ka ay mahuhulog ka pa dahil sa biglang pagpreno n`ya. May mga pasahero namang hindi pa nakuntento sa pagkalakas-lakas na pagsabi ng "*Para!*" at kumakatok pa sa bubong. Merong namang magbabayad kapag pababa na at may gana pang magalit kapag hindi agad naihinto ang sasakyan. At syempre merong mga nagmamadaling akala mo ay mauubusan ng lupa kung bumaba, kasehodang mabunggo at matapakan n`yang lahat ng daraanan nya. Pero pamatay pa rin 'yung minsang may nakasakay akong mama na pagkalakas-lakas at paulit-ulit na sumisigaw ng "Bayad ho, bayad ho, bayad ho..." Syempre 'yung driver, kuntodo extend ng kamay n`ya. Nakatingin na lahat d`un sa mama na kumakatok-katok pa sa bubong ng jeep. Sabay naalala nyang "*Para!*" pala ang dapat nyang isinisigaw. Nyahaha...!

**Case # 7: "Love birds..."**
Syempre pa, hindi mawawala ang mga mag-syotang akala mo may sariling mundo na kung maglampungan ay parang mga pusang 'di mapakali. Libreng sine 'to, rated 18, kaya lang nakakabitin din lalo na kapag nauna kang bumaba sa kanila. Meron tuloy mga lalaking 'nag-iinit' at biglang bibitaw ang kamay sa pagkakahawak sa bakal para kunwari mapapasubsob sa katabi nila o kaya naman bigla mong mararamdaman na yung siko nila nasa tagiliran mo na. Sarap sampalin ng mga ganung lalaki. 'Di naman sa nakikialam ako pero wala namang inggitan...

**Case # 8: "Estudyante blues..."**
Maraming estudyante na nagbabasa ng libro sa loob ng jeep habang nasa biyahe. 'Yung iba sa sobrang ganda ng binabasa ay nadadala sa kwento. 'Yung nakasakay ko minsan na dalagita ay taimtim na nagbabasa ng "Noli Me Tangere". Hindi n`ya napansin na malapit na s`yang pumara at sa gulat na bababa na pala siya ay mahinhing sinabi sa driver "*Paalam!*".

**Case #9... "Mama, ba-bye...."**
Minsan naman may nakasakay ako na dalawang magkaibigan na walang ginawa kundi magkwentuhan ng mga katatawan. Nakakaaliw silang pagmasdan lalo pa't halos magkanda-luha-luha na ang kanilang mata sa kakatawa. At nang oras na para bumaba ang isa sa kanila, narinig ko ang sabi niya na habang natatawa pa rin "*Teka muna, bababa na 'ko. Sige, ba-bye!*" sabay sigaw sa driver, "*Mama, ba-bye!*"

Hay naku, ilan lang yan sa mga nararanasan ko kapag umuuwi ako. 'Dami pa 'kong kwento kaya lang uwian na eh.

# Buhay-buhay



*Kasalan ng Taon...*



Pag-iisang dibdib nina Greig and Lizel Truman, 10 June 2006. Ang kanilang mga abay (itaas) sa harap ng kamera. (Kailan naman ang sa inyo? Imbitado

## Mga Pagdiriwang at Kasiyahan

*Mga Binyagan...*


Stephanie Claire - 9 April


Joshua Sean - 29


Reina Denise - 23 July

*Mga Kaarawan...*



Mae Abad, 7 May 2006 (Huwag n'yo nang itanong kung



Kanino kaya namang birthday ito (27 May 2006)?

Lakwatsa naman tayo! With Mel, Rocel, Haydee and Gigi (14 May



*Kongrats sa lahat ng mga nagsipagdiwang nitong mga nagdaang buwan. Many more to come!!!*